

1

“Tita Mira... bakit hindi man lang kayo nagpasabi na mapapadaan kayo?” nasorpresang sabi ni Gabrielle nang sumalubong sa kanya ang naghihintay na tiyahin sa flower shop. Sinadya niya munang dumaan doon bago magtungo sa opisina. “Buti pala at dito muna ako dumaan, kung hindi’y maghihintay kayo sa wala. Ano’ng sadya natin?” aniya matapos itong halikan sa pisngi.

“Hay naku! Alam ko namang super workaholic ka, kaya tinanong ko muna ang assistant mo kung saan ka unang pupunta ngayon.”

Napailing siya sa naging komento ng tiyahin. Siya, super workaholic, ha! She was proud of it! Kahit pa sabihing workaholic siya at wala nang time para makipag-socialize sa mga kaibigan niya. At may rason ang lahat ng pagpapagod niyang iyon. It was so she can make it on her own and be successful like her brother. Na hindi niya kailangan ang pangalan ng mga magulang para magtagumpay siya sa larangan ng negosyo. At nagawa niya nga iyon sa maiksing panahon.

She was now known in the industry pati na ang

negosyong itinayo nila ng partner niyang si Illiac sa larangan ng business development and business management. She was even able to establish her own flower shop business and restaurant.

“So what brought you here, Tita?” aniya matapos mailapag ang gamit sa mesa. Kasunod niya si Mirasol na sa kabila ng edad nitong limampu’t tatlo ay mukhang bata pa rin. She looked ten years younger than her age.

“My dearest friend needs your help. She’s willing to pay at any cost, Hija. This is a very big deal, Gabs...”

Napakunot-noo siya sa narinig. “What deal?”

“She wants to relaunch a business at may nakapagrekomenda sa iyo, kaya ikaw ang gusto niyang mag-hands on sa pagrerelaunch niyon. And when my friend learned na pamangkin kita, ayun, hindi na huminto sa kakakulit sa akin na kumbinsihin kita.”

“What kind of business ang gusto namang itayo ng friend n’yo?”

“Restaurant. She wants a one of a kind business na darayuhin hindi lang ng mga Manileño kundi pati na rin ng mga foreigners.”

Lalong napakunot-noo si Gabrielle nang banggitin ng tiyahin ang gusto ng prospective client niya. It just connoted one thing. “So, this is out of town...” nasabi niya.

Isang malapad na ngiti ang namutawi sa mga labi nito. “Yes, sa Ilocos lang naman, Hija! You can always come to Manila and Terry is ready to shoulder everything. Your accommodation, your flight, everything...”

Napailing siya nang banggitin ni Mirasol ang lugar.

“What’s wrong?” takang tanong nito.

Mabilis niyang hinalungkat ang organizer sa bag at binuklat iyon. Sinimulan niyang isa-isahin sa tiyahin ang hectic schedule niya. “I wont be available until next next month, Tita. I am handling two clients as of now. Two big clients, Tita. Hindi lang ito basta-basta kliyente. And as soon as ma-finalize na namin ang engagement namin sa kanila, we’re set to go live. Aside from that, we are currently on expansion. May iba pa rin akong—”

Mabilis nitong pinutol ang litanya niya ng schedules. Mabilis nitong inagaw sa kanya ang organizer at isinara. Ibinaba nito iyon sa mesa niya,

with impact.

“Gabrielle, give time for yourself. Take this as an opportunity para makapagbakasyon ka. After all, handang tapatan ni Terry ang presyo ng mga kliyente mo ngayon.”

Napailing siya. “Tita, you don’t understand. I’ve already made my commitment to them...”

“Hija, you can delegate it to your other staff. Why don’t you give them a chance, huh?” anito. “Please, Hija, minsan lang akong makikiusap sa ’yo. Terry has been a friend of mine for the past thirty years. You see, ayaw ko namang madismaya ang kaibigan ko.”

“Tita...” Hindi na niya alam ang sasabihin sa tiyahin. “I’ll think about it first, Tita. I will consult this with Illiac.” Iyon na lang ang nasabi niya. Wala na rin naman siyang maidahilan pa at iyon na ang sa tingin niya ang pinakamagandang dahilan na maibibigay niya sa kausap.

“That’s great!” ani Mirasol at kapagkuwan ay tumayo na. “I’m sure, papayag si Illiac na tanggapin mo ang engagement na ito,” siguradong sabi nito na animo’y nagwagi sa usapan nilang iyon.

Kumibit-balikat siya. “We’ll see, Tita.”

“Okay, she’ll be expecting you this coming weekend. ’Bye,” anito at lumabas na sa opisina niya. Hindi na nito hinintay pa ang tugon niya, animo’y siguradong matutuloy ang engagement.

Napailing na lang si Gabrielle habang sinusundan ng tingin ang tiyahin na papalabas ng flower shop niya.

Dumerecho na siya sa opisina nila ni Illiac sa Makati matapos bumisita sa flower shop at nag-iwan ng ilang habilin sa staff niya. He was already there together with their growing number of staff. Nagsimula ang kompanya nila with just the two of them. Nagsimula lang silang mag-sideline through networks of friends. Doon na rin sila nakilala dahil sa maayos at magaling na pagse-set up nila ng business at pag-aayos ng organization ng isang kompanya.

They realized it’s a good and profitable business, kaya lakas-loob na nagtayo sila ng kompanya. Now, they had fifteen people that made up the staff who were in-charge of research, planning and implementation. At nagbabalak silang mag-expand dahil sa plano nilang magdagdag ng bagong business unit.

They also occupied a strategic place in Makati. Their building was located at the center of Ayala Avenue. One of the best places to conduct their business, *The Entrepise Tower*.

“Good morning!” masayang bungad ni Illiac nang makita siyang dumating.

“Good morning,” aniya at derechong tumungo sa sarili niyang opisina. Sumunod ito. Kabisado na nito ang babae. Sa hitsura pa lamang niya, alam na nitong mayroong bumabagabag sa kanya.

“What’s up?”

Halos mapatalon siya sa pagkagulat nang marinig ang tinig ng binata. Hindi niya sukat akalaing susunod ito.

“Something wrong? What’s the problem?”

Napailing siya habang kaharap ang lalaki. *Gan’un na ba ’ko ka-transparent?* aniya sa isip.

“Yes, you are,” nakangiting sabi nito na mabilis nabasa ang tinatakbo ng isip niya. Lumabas ang biloy nito sa kaliwang pisngi na nagbibigay rito ng kakaibang appeal. Yes, Illiac was a handsome man. Maraming nagkakagusto rito. Akala nga ng marami ay nobyo niya ito. Marami na ang nagsabi na bagay

raw sila nito. Pero hanggang pagkakaibigan lang talaga ang relationship nila ng binata. And they both knew it.

“Well, my aunt proposed something,” aniya at malalim na napabuntong-hininga. “Na sinusugan pa ng mom ko.”

“And what is that?” anito na naupo sa silyang katapat ng mesa niya. “Pagkakakitaan ba ’yan?”

“Yes.” Naupo na siya sa swivel chair niya. “Just this morning, Tita Mira dropped by at the flower shop. She recommended our services to a friend of hers na gustong magtayo ng business.”

“Anong business?”

“Restaurant.”

Napatangu-tango ito. “That’s a good business, yakang-yaka natin ’yan. Ano naman ang problema kung tanggapin natin?”

“Illiatic,” ani Gabrielle at napailing, “gusto nilang ako ang mag-handle sa engagement with Mrs. Terry Alcantara.”

“Wala akong nakikitang problema.”

“Illiatic, the engagement is out of town. Sa Ilocos.

At alam mo naman na we have a busy schedule for the next two months,” paalala niya na naiirita na sa kaharap.

Tumayo ito at lumipat malapit sa kinauupuan niya. Matapos ay sumandal ito sa poste na katabi lang ng kanyang mesa. “That I think is a good opportunity for you to have a, let’s say... vacation?”

Napaikot ang mga mata niya sa sinabing iyon ng partner niya. “If I didn’t know you any better, iisipin kong ayaw mo na ’kong ka-partner sa kompanyang ito.”

Natawa si Illiac sa ideyang pumasok sa isip ng babae. “What a silly thing to think about!” natatawang tugon nito, sabay marahang pisil sa kanyang pisngi. “C’mon, Gabrielle. Kayang i-handle ng iba nating staff ang hawak mong account. Let’s give them a break. After all, subok na rin natin ang abilidad nila. They are reliable enough.”

Maang na nakatingin lang siya rito. Gayun din ang sinabi sa kanya ng tiyahin.

“But of course, dahil ikaw ang personal na mag-aasikaso sa negosyo ng Terry Alcantara na ’yan, we need to charge them a handsome fee...”

Napangiti na siya sa pagkakataong iyon. Business-

minded talaga ang kaibigan niya.

“I was informed na willing tapatan ni Mrs. Alcantara ang fee ng mga kliyente natin.”

“Good! Go and handle that account.”

Napailing na lang siya sa kadominantehan nito. She also had a dominant trait, kaya madalas na nagtatalo sila ng partner niya.

“Pag-iisipan ko muna,” aniya at ibinaling na ang atensyon sa laptop.

“Don't think about it anymore, Sweetheart,” ani Illiac, sabay kindat sa kanya habang papalabas ito sa opisina niya. “I will start to delegate some of your loads to our other staff.”

“Illiac!” di-makapaniwalang saad ni Gabrielle na napapailing habang nakangiting tinitingnan ang papalabas na kaibigan.

Sinalubong kaagad siya ng speaker phone niya pagpasok niya sa loob ng kanyang condo unit. Her mom was on the line.

“Gabrielle, call me up as soon as dumating ka. This is very urgent,” anito na nag-iwan ng mensahe

sa speaker phone niya.

Hindi pa man niya naibababa ang dalang bag ay pinindot na niya ang speaker at nagsalita. “You’re just in time, Mom,” bungad niya at sumalampak sa sofa na katabi lang niyon. “Kadarating ko lang...”

“Good! Kausap ko just a while ago ang Tita Mirasol mo. Pakiusapan daw kita tungkol sa engagement with Mrs. Alcantara...”

Napapikit siya sa pasimula ng ina. “I thought you called para kumustahin ako,” tugon niya at pagak na natawa. Pero kahit pabiro niyang sinabi iyon ay na-disappoint din siya kahit paano.

“I know you’re doing great, Hija...” anito. “You’ll be doing this not for free naman, eh. Please, sige na, Gabrielle. Alam mo bang gayun na lang ang pagmamalaki ng tita mo sa Mrs. Alcantara na ’yun?”

“Mom, ano ba ang meron sa Mrs. Alcantara na ’yan at gayun na lang ang pagpupursige ninyo ni Tita na ako ang mag-handle ng negosyong gusto niyang itayo?”

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ng ginang bago tumugon. “As I told you, Hija, labis kang ipinagmamalaki ng tita mo sa kaibigan niya. At isa pa, miyembro din siya ng sorority

kung saan kami kabilang dati ng tita mo. Remember, may pledge kami sa sorority club na 'yun.”

“Okay, okay...”

“Anong okay?” excited na tanong nito.

“Okay, as in okay. I am accepting the engagement,” sagot niya. Pero ang totoo, kanina pa siya nakapagpasya tungkol sa bagay na iyon. Habang nasa opisina siya ay napagdesisyunan na niyang tanggapin ang account na iyon. Iyon nga lang, hindi muna niya ipinaalam kay Illiac o sa tiyahin ang desisyon kaya ngayon ay nakarating sa mama niya.

“Good, Hija. Siguradong matutuwa ang Tita Mira mo sa desisyon mo.”

Nakasimangot naman si Gabrielle. Buti na lang at hindi nakikita ng ina ang ekspresyon ng mukha niya. “Ma, ako na ang bahalang magsabi kay Tita. Please?”

“Okay, sige, ikaw ang bahala,” masaya nang sabi nito. “Ikumusta mo na lang ako sa kuya mo, ha? Siguradong matutuwa ang Tita Mira mo kapag nalaman na tatanggapin mo na ang engagement with Terry Alcantara.”

Pagkasabi niyon ay nawala na sa linya ang ina. Hindi man lang siya nagkaroon ng pagkakataon na

Don't Play With My Heart - Dorothy Kim

kumustahin ito pati na ang ama. Pagal na inunat ni Gabrielle ang katawan sa sofa. Nakabibinging katahimikan ang pumalibot sa kanya. Sanay na rin naman siya kahit paano sa katahimikan ng condo unit na iyon. Ilang taon na rin buhat nang humiwalay siya sa poder ng mga magulang, since college. Hanggang sa magdesisyon ang mga ito na mag-migrate sa United States. Pero tila hindi naman siya masanay sa kalungkutang dulot ng pag-iisa.

Mula sa bag ay kinuha niya ang cellphone at nag-text.

I am accepting the engagement.

Magkasunod na ipinadala niya iyon sa tiyahin at kay Illiac. At hindi niya namalayan na doon na rin siya nakatulog sa sofa.

2

Eleven forty-five na nang gabi. Muling sinipat ni Jansen Benedict Lagdameo ang cellphone. Wala pa rin ang hinihintay niyang mensahe mula sa isang dating matalik na kaibigan. He was already losing hope. Wala na ang mga empleyado niya at sigurado siyang siya na lang ang naiwan sa opisina maliban sa mga guards sa gayung mga oras.

Inayos niya na ang mga gamit at nag-shut down ng computer. Dumerecho na siya pagkadaka sa parking area. Pagkapasok niya sa sasakyan ay saka naman tumunog ang cellphone niya. Nang makita ang pangalang rumehistro sa screen ng gadget ay muli siyang nabuhayan ng loob.

“Pare, ano’ng balita?” aniya matapos buhayin ang engine ng sasakyan.

“Good news, Pare,” simula nito. “Finally, Gabrielle accepted the engagement!”

“Great!” Kaagad na bumalatay sa guwapo niyang mukha ang ngiti dahil sa narinig. “I thought she’ll disagree...”

“You’re wrong. Now, Pare, this is your chance

para ayusin ang nakaraan ninyo ni Gabrielle.”

“Yes, you’re right. Kailan ang alis niya?”

“This weekend,” anito.

“Thank you, Pare.”

Walang pagsidlan ang saya ni Jansen habang nagbibiyaha. Inakala niyang hindi magtatagumpay ang plano pero nagkamali siya. He even had to persuade his aunt into setting up a business para masimulan ang lahat ng plano. And that was the start!

Aligaga ang lahat ng empleyado ni Jansen nang sumunod na araw. He scuttled everyone for reports and other financial updates. Pina-reschedule din niya ang ilang appointments nang mas maaga.

Ilang taon na rin simula nang mag-take over siya sa posisyong iniwan ng kanyang ama. Malaking responsibilidad ang sinalo niya bilang presidente ng *Lagdameo Industries*. At simula nang hawakan niya ang posisyong iyon, hindi man lang nag-leave ang binata. Kung sakali man, ngayon lamang siya magpapahinga sa trabaho. Very dedicated siya sa trabaho. Kapalit naman niyon ang tagumpay na tinatamo ngayon ng *Lagdameo Industries*.

Ang kanyang mga empleyado ay walang

masasabi sa pamumuno niya. Mabait siya sa mga ito, pero istrikto pagdating sa trabaho. He was also fair in his judgments. Marami ang humahanga sa binata hindi lang dahil sa abilidad niya kundi dahil isa siyang heartthrob at bachelor pa rin.

“Tita, magbabakasyon ako diyan sa inyo this coming week,” ani Jansen matapos kontakin ang tiyahin. Halata sa kanyang tinig ang excitement.

“Tama ba ang naririnig ko, JB? Magbabakasyon ka 'ika mo?” di-makapaniwalang paniniguro ni Terry sa pamangkin na nasa kabilang linya.

“You heard me right, Tita...” aniyang natatawa. “I'll be staying for one month. Welcome pa naman ako sa bahay n'yo, right?”

“Of course, you're always welcome to stay here, Hijo,” natutuwang saad nito. “Pero maitanong ko nga, ano'ng nakain natin at naisipan mong magpahinga? At bakit dito pa sa Ilocos? Why not in United States or Europe, perhaps?”

“Wala,” nakangiting tugon niya. Simula nang makarating sa kanya ang balita na tinanggap ni Gabrielle ang alok ng kanyang tiyahin ay hindi na maalis ang ngiti sa mga labi ng binata. He was even more excited. “For a change.”

“O sige, ipapaayos ko na ang magiging kuwarto mo. Siguraduhin mo lang na matutuloy ka dahil kung hindi...”

Natawa si Jansen sa tila banta ng kausap.

“Sure ’yon, Tita...”

Kaagad na sinuyod ni Gabrielle ang arrival area ng *Laoag Domestic Airport* kung saan nandoon ang mga taong naghihintay para sa sundo nila. At siya, para sa sundo niyang si Mrs. Terry Alcantara. Nasumpungan naman kaagad niya ang isang babae na tumpak sa description ng Tita Mirasol niya. Simple lang itong manamit. Kung nakapustura man ito ay hindi gaanong makapal ang makeup. Katamtaman lang ang taas nito at medyo chubby.

“Gabrielle Elize Romero?” kaagad na tanong nito sa kanya na hindi nag-atubiling lumapit nang makita siya. Bago pa man siya magbiyahe ay nagkausap na sila. Sinabi niyang plain pink t-shirt katerno ng khaki shorts ang kanyang magiging suot. Ang babae naman ay magsusuot daw ng asul at bulaklaking bestida. Inilarawan din sa kanya ng ale ang sasakyan nitong dadalhin pati na license plate kung sakali mang magkalituhan.

“Yes, I’m Gabrielle. And you are Mrs. Terry Alcantara?” pormal niyang sabi.

Gayun na lamang ang saya na bumalatay sa mukha ng ginang pagkakita sa kanya. “It’s so nice to see you, Hija! Finally, nakita ko na rin ang babaeng ipinagmamalaki sa akin ni Mira. You’re so beautiful, Hija.”

Saglit na nag-blush ang dalaga sa komento nito. “Thank you,” ang tanging nasabi niya.

“So, kumusta ang biyahe mo?” anito habang iginigiya siya patungo sa dala nitong *Pajero*.

“Okay naman, Madam,” tugon niya pagkapasok sa loob ng sasakyan. Katabi niya si Terry sa passenger seat.

“Naku, ‘Tita Terry’ na lang ang itawag mo sa akin, okay? Hindi naman na iba ang turing namin ng Tita Mira mo sa isa’t isa. Parang magkapatid na ang turingan namin. Kaya simula ngayon, ‘Tita’ na ang itatawag mo sa akin, ha?”

“Sige po,” aniya na napangiti sa kabaitan ng babae. Hindi niya inaasahan na ganito kadaling makakagaan ng loob ang isang Terry Alcantara, na ayon sa tiyahin niya ay kinikilala sa bayan ng Batac sa Ilocos Norte.

“Okay lang ba sa iyo na doon na lang sa amin tumira habang nandito ka? Dalawa lang naman kami ng anak kong si Althea ang nakatira doon bukod sa mga stay-in na mga kasambahay namin...”

“Naku, walang problema sa akin ’yon. Saka nabanggit na rin sa akin ni Tita Mira ang tungkol doon, kaya ’wag kayong mag-alala. Mas mainam din iyon dahil madali ko kayong makakausap tungkol sa restaurant na gusto ninyong itayo.”

Sandaling natigilan si Terry nang may maalala. “Oo nga pala, hindi ko nasabi iyo at sa tita mo...”

Napakunot si Gabrielle nang makita ang worried expression sa mukha nito. “Ano po ’yun?”

“Nakalimutan kong banggitin kay Mira na darating bukas ang pamangkin ko. At doon muna sa amin pansamantalang titira.”

“Naku, Tita, no problem,” nakangiti niyang sabi.

Ilang minuto lang ay huminto sila sa harap ng isang magarang bahay. Napakalaki niyon. Napahanga siya sa istilo at laki nito.

“We’re here...” anunsyo ni Terry na naunang bumaba at pagkadaka ay inakay siya papasok sa loob ng tahanan nito. “Annie, samahan mo muna si

Gabrielle sa magiging kuwarto niya,” anito matapos bumaling sa isang kasambahay. “Gabrielle, I’m sure, napagod ka sa biyahe kaya magpahinga ka muna. Feel at home, okay? Ipahahanda ko na rin ang pagkain para makapaghapunan na tayo,” anito.

Napatango na lang siya sa babae at nagpatianod kay Annie habang sinasamahan siya papanhik sa second floor ng bahay.

“She’s Gabrielle Elize Romero,” simula ni Terry nang makasabay nila sa paghahapunan ang kadarating lang nitong anak na si Althea. “Gabrielle, she’s my daughter, Althea.”

Matamang pinagmasdan ni Gabrielle ang bagong kakilala. Paano ay may kamukha ito, hindi niya lang maalala kung sino. *Oh my, God! Sa dami ng nakakasalamuha kong tao araw-araw, kung anu-ano na ang pumapasok sa isip ko,* aniya na mabilis tinigilan ang pag-iisip sa kamukha ng babae.

“It’s nice meeting you, Miss Gabrielle. Ikaw pala ang matagal nang ibinibida sa akin ni Mommy. Okay lang ba kung Gab or Gabie na lang ang itawag ko sa ’yo?” nakangiting saad ni Althea. Iyon naman talaga ang talagang palayaw niya.

“Yes, sure...” aniya na kaagad itong nakagaanan ng loob. Sa tingin niya ay hindi sila nagkakalayo ng edad nito. Ayon kay Terry ay nagtuturo ito sa isang pribadong kolehiyo sa bayan ding iyon.

“Buti naman at pumayag ka na tulungan si Mommy sa pagse-set up ng business niya. Finally, hindi na niya ako kukulitin tungkol diyan,” turan nitong natatawa.

“Wala kang hilig sa negosyo?” takang tanong niya.

“Hay naku! Wala kang maaasahan sa batang ’yan pagdating sa negosyo. Ang tagal ko na nga siyang kinukulit na tulungan ako sa pagtatayo ng restaurant, pero wala akong napapala!” litanya ni Terry na wala namang halong hinanakit. “Thea, nakalimutan kong banggitin sa ’yo, darating bukas ang Kuya JB mo. Magbabakasyon daw dito sa atin.”

Gayun na lamang ang pagliwanag ng mukha ni Althea sa narinig. “Serious, Mom?”

“Mukha ba akong nagbibiro?” nakangiting saad ng ginang. Parang magkapatid lang ang turingan nila ng anak nito.

“Wow! Such a coincidence! “Anong oras nga pala ang dating ni Kuya JB. Mom?”

“Baka tanghali ay nandito na siya,” ani Terry.

Bumalingan siya ni Althea “I’m sure, you’ll like my Kuya JB. You’ll get along well dahil addict ang pinsan kong ’yun sa negosyo,” anang dalaga na hindi napigil ang excitement. “Hindi ko nga lubos-maisip na magbabakasyon ang workaholic na ’yun. At si Mommy, alam mo bang pati si Kuya JB ay kinukulit na tulungan siya sa negosyo...”

Mabilis na pinutol ni Terry ang iba pang sasabihin ng anak. “At wala akong napala dahil walang time kahit sa love life ang batang ’yun! Ayun at sobrang busy sa trabaho.”

“Eh, hindi naman kailangang humanap ni Kuya ng love life dahil babae na ang kusang lumalapit sa kanya,” singit ni Althea.

Natutuwa si Gabrielle sa palitan ng diskusyon ng mag-ina. Kitang-kita niya ang close relationship ng dalawa. And she envied them!

Mataman siyang binalingan ni Althea pagkatapos. At isang ideya ang nakapagpangiti rito. Kaagad naman siyang na-conscious dahil sa ginawi nito.

“Why? May dumi ba ako sa mukha?” taka niyang tanong at pasimpleng pinunasan ng panyo ang mukha.

Ilang sunod na iling lang ang itinugon nito, pero makahulugan pa rin ang tingin at ngiting nakabalatay sa maamo nitong mukha.

“Bukas na natin simulang pag-usapan ang tungkol sa negosyo, ane?” singit ni Terry.

“Yes, Tita. Althea can join us if she wants...”

Mabilis na umiling si Althea sa ideya niya. “No way...” anito. “Hmm... I was smiling because I think bagay kayo ni Kuya JB,” kinikilig na sabi nito.

Nagulat si Terry sa sinabi ng anak. Pero pagkadaka ay napaisip ito at napangiti na lang.

Maagang nagising si Gabrielle nang sumunod na araw. Isang simple blouse na tinerno niya sa pantalon ang kanyang suot. Inayos kaagad niya ang portfolio at binitbit ang laptop para sa diskusyon na gagawin nila ni Terry.

Kasabay niyang nag-agahan ang mag-ina. And they were indeed fun to be with. Sobrang gaan ng loob niya sa mga ito. Naunang umalis si Althea dahil may klase pa ito.

Naiwan sila sa hapag.

“We need to visit the place, Tita...” simula niya. “Nakaisip na ba kayo ng possible names ng restaurant? Malaking factor ang pangalan ng establishment kaya ito nagki-click or hindi.”

“May ilan na ’kong naisip na pangalan para sa restaurant na ’yan, pero hindi pa rin ako gan’un kasigurado kung magki-click nga sa publiko.”

“Ano’ng pangalan ang naisip nyo, Tita?”

“*Serendipity!* O di kaya ay *Lover’s Lane*, naisip ko din na p’wedeng isunod natin sa original na pangalan ng restaurant. *Timeless...*”

Natigilan si Gabrielle sa mga sinabi ni Terry na puwedeng ipangalan sa restaurant. Dahil kapag iyon ang ipinangalan nila, malilimitahan ang mga customers nila sa mga nag-iibigan. Makikilala nga ang naturang restaurant, pero sa tuwing may okasyon lang. Terry wanted a restaurant na pangmasa, iyon bang dadayuhin ng mga Manileño pati na ng mga foreigners.

Ayon sa research niya, panahon pa ng mga Amerikano nang itayo ang nasabing restaurant. Naging saksi ang kainan na iyon sa pag-iibigan ng lolo at lola ni Terry. Tutol ang mga magulang ni Lola Encarnacion kay Lolo Andrade, kaya ang naturang

restaurant ang nagsilbing tagpuan nila. At doon din sila nagpakasal nang lihim matapos kutsabahin ang kaibigang pari ng pamilya ng mga ito.

“Ano pa, Tita?” aniya habang siya rin ay nag-iisip ng magandang ipapangalan sa restaurant. “Something na may dating. ’Yung marinig pa lang, iyon na agad ang maiisip.”

“Uhm... *Everlasting. Ever After. Alcantara’s Cuisine...*”

“*Terry’s Secret Recipe...*”

“Wow! That’s great, sounds mysterious... something that people would talk about... What do you think, Tita?” aniya and out of nowhere ay napatingin siya sa pinanggalingan ng naturang suhestyon.

Gayun din si Terry na napatulala nang mapagsino ang may-ari ng baritonong boses. Mabilis itong napatayo at humahangos na sinalubong ng yakap ang bagong dating na pamangkin.

“Oh my God, JB, it’s you!” di-makapaniwalang sabi nito na kaagad iginiya ang binata patungo sa kinaroroonan ni Gabrielle. “You look refreshed today than the last time I saw you. Tell me, may nagpapatibok na diyan sa pihikang puso mo, hane?”

anito habang tinatapik ang dibdib ng binata.

Hindi kaagad naka-recover sa pagkabigla ang dalaga nang makita niya si JB. She was still astounded. Hindi pa rin niya napigilan ang mabilis na pagkabog ng kanyang dibdib pagkakita sa binata. Hindi nga siya sigurado kung namula ang mukha niya sa pagkasorpresa.

No, it's not him! It's not him! aniya na pilit kinukumbinsi ang sarili na hindi ang Jansen Benedict Lagdameo na kilala niya ang siyang kaharap niya ngayon. *No, hindi maaaring pamangkin ka ni Terry...*

“Gabie...” pukaw ni Terry matapos siyang tapikin sa balikat. “This is my nephew, Jansen Benedict Lagdameo, or JB for short,” anito at bahagyang tumawa.

“Oh, yes, J-JB, I mean, Jansen...” hindi magkandatutong sabi niya na natitigilan pa rin. Parang gusto niyang tumakbo nang mga oras na iyon, palayo sa lalaking ito.

“Kilala mo siya?” takang tanong ni Terry.

“N-no... yes. I mean, yes,” aniya na napailing. “W-we’re schoolmates. I know him in school, way back in college. Right, Jansen?” aniya na medyo nakaka-recover na sa pagkabigla. Bahagyang

tumango ang lalaki na hindi naman mapigilan ang mapangiti sa pagkautal ng kaharap. “S-sino ba’ng hindi nakakakilala sa isang JB Lagdameo sa school namin? He’s very popular back then...”

Napangiti ang ginang sa sinabing iyon ni Gabrielle. “Yes, I heard. Marami ngang babaeng pinaiyak ang batang ito.”

“Yes, I heard,” susog niya na sa pagkakataong iyon ay nakabawi na sa pagkabigla.

“Well, JB, I think it’s proper for me to introduce you to Miss Gabrielle Elize...”

Mabilis na pinutol ni Jansen ang ibang sasabihin ng tiyahin. “Gabrielle Elize Romero. Yes, I know her also, Tita,” ani Jansen sa nagtatanong na mga mata ng tiyahin. “She’s been the darling of the school, right, Gabie?”

Sukat pamulahan siya ng mukha matapos tawagin siya ng lalaki sa palayaw niya na animo’y super close sila noong araw. Napataas na lang ang kilay ni Terry sa tensyong tila namumuo sa pagitan ng dalawa. Pero sa kabila niyon ay may kilig itong nase-sense!

3

Hindi mapalagay si Gabrielle habang nag-uusap sila ni Terry tungkol sa detalye ng restaurant. Paano ay nanatili sa tabi nila ang pamangkin nitong si JB. Napansin naman kaagad ng ginang ang pagkaasiwa niya.

“Jansen, hindi ka ba muna magpapahinga sa kuwarto mo? Medyo mahaba ang biniyahe mo...”

Kumibit-balikat ang binata. “Hindi naman ako napagod, Tita. Isa pa, I’m curious about that restaurant na gusto mong buhayin... Maybe I can be of help.”

Napakunot si Terry sa sinabing iyon ni Jansen. Parang kailan lang kasi nang tanggihan siya ng pamangkin sa hiling tulungan siya para muling buhayin ang naturang restaurant. At heto ngayon at interesado ang lalaki! Napailing siya nang maalalang ito rin ang nagrekomenda sa kanya na kumuha ng professional business development consultant. At si Gabrielle nga ang inirekomenda nito! He even knew her Auntie Mirasol na nagkataon namang kaibigan niya. At ngayon, isang buwan itong magbabakasyon, sakto pa sa panahong ilalagi ni Gabrielle sa kanila.

Bigla tuloy siyang napaisip habang pinagdudugtong ang bawat scenario.

“Tita, why are you smiling?” ani Gabrielle nang makitang nakangiti ang ale gayung may seryoso siyang tinatanong dito.

Mabilis itong umiling. “Ay, wala, may naalala lang akong nakakatuwang love story. Saan na nga ba tayo?”

Saglit siyang napakunot-noo dahil sa isinagot nito sa kanya saka napatingin sa lalaking dahilan kung bakit siya hindi mapakali sa kinauupuan niya ngayon. Pero kaagad niyang inalis ang tingin dito at iwinaksi sa utak ang hindi magandang naiisip nang mga oras na iyon.

“Yun pong location ng restaurant. I told you yesterday na pupuntahan natin ngayon, di ba?” aniya na pilit binabalewala ang presence ni Jansen na nakaupo malapit lang sa kanila at nagbabasa ng isang magazine.

“Oo nga, pero nakalimutan ko kasi na may appointment ako ngayon. Okay lang ba kung bukas na lang ng umaga natin puntahan?” anito na sinipat pa ang wristwatch na tila nag-aalala pa sa pagkakawaglit sa kunwa’y appointment.

“Okay lang po. May iba pa rin naman akong kailangang ayusin at gawan ng draft. Pero mas mainam kung maaga nating mapupuntahan bukas ang location ng resto...”

“Yes, Hija. Bukas ng umaga, sure na 'yun...” ani Terry at tumayo na. “Maiwan muna kita dito, hane? JB, tutal at hindi ka rin lang pagod, samahan mo muna si Gabrielle dito.” Pagkasabi niyon ay walang lingon-likod na umalis ito at nagmamadaling umakyat ng hagdanan.

Napailing si Gabrielle habang sinusundan ng tingin ang papalayong matanda. *Act normal, Gabrielle. Past is past, okay? Huwag kang papaapekto...* aniya sa sarili na kunwa'y walang Jansen na malapit lang sa tabi niya. *Subukan niya lang lumapit nang makita niya ang hinahanap niya...*

“Seven years...” simula ng binata na mula sa kinauupuang sofa ay lumipat sa binakanteng upuan ng tiyahin nito. Muntik na siyang mapalundag sa pagkagulat sa biglang pagsasalita nito. “Food business seems to be a good investment nowadays, what do you think?”

Napakunot-noo siya. *He's trying to make things seem okay between us...* naisalob niya. *But no...*

Sandali siyang tumigil sa pagtipa sa harap ng laptop at sinalubong ng tingin ang lalaki. Ngunit nagkamali siya; napakalapit pala nito! Gayun na lamang ang biglang kaba na nadama niya. Nangungusap ang mga mata nitong nakatingin sa kanya. Iba ang nais sabihin ng mga iyon...

“Yes,” aniya na mabilis na naka-recover sa pagkabigla. “You’re right, it’s a good business.” Muli niyang ibinaling ang tingin sa ginagawa.

“Small world, right? And what a coincidence. I’m so happy to see you again, Gabie,” turan nito na walang kurap na nakatitig sa kanya.

Doon na natigilan si Gabrielle. She was not prepared for their encounter. Not yet. “Y-yeah... small world.” Iyon lang ang nasabi niya at sinimulan nang samsamin ang mga gamit na nagkalat sa mesa.

Napansin nito ang ginagawa niyang pagliligpit. “What are you doing?” taka nitong tanong. “Don’t tell me you’re leaving?”

Hindi kaagad siya umimik habang tinatapos ang pag-aayos ng gamit. Nang masamsam iyon ay nag-shut down na siya ng laptop. Bitbit sa kanang braso ang portfolio habang ang isang braso naman ay kinarga ang laptop, tumayo siya at hinarap si Jansen

para sagutin ang katanungan nito.

“Exactly, Mr. Lagdameo. Kailangan ko ng tahimik na lugar para makapag-concentrate ako sa ginagawa ko. So, if you’ll excuse me...” Pagkasabi niyon ay walang lingon-likod na nagmartsa siya paakyat sa guest room.

Naiwang nakasunod lang ng tingin si Jansen. Pero kahit iniwan ito ng dalaga sa garden ay hindi mawala ang ngiti sa mga labi nito. Bakas sa mukha nito ang kasiyahan. *I still have an effect on you... that's a good sign*, aniya sa sarili.

Pagkarating sa guest room ay kaagad na ibinaba ni Gabrielle ang gamit sa isang mesa na katabi ng tokador. Nagpabalik-balik siya sa paglalakad sa loob ng kuwartong iyon habang iiling-iling.

Kaya pala atubili akong tanggapin ang project na 'to... Iliac, I need you here now, aniya sa sarili.

Tila pinagsisisihan na niya ngayon na tinanggap niya ang alok ni Terry.

C'mon, Gabie, concentrate... pangungumbinsi niya sa sarili na nawala na sa focus. Yes, she was disoriented at hanggang ngayon ay hindi niya pa

rin alam kung papaano nakaakyat sa kuwarto niya gayung nanginginig ang kanyang mga tuhod. She did not expect to see Jansen here! And she did not expect that Terry Alcantara was his aunt. And worse, she did not expect this kind of feeling after seven years!

“Why, Gabie? Why are you feeling this way?” takang tanong niya sa sarili na napahiga na lang sa kama. She felt so weak and nervous dahil sa encounter nilang iyon ni Jansen. Yes, she was surprised kahit sa sarili niya dahil hindi niya inaasahan na gayun ang mararamdaman pagkalipas ng ilang taong hindi nila pagkikita ng binata. Akala niya ay nakalimot na ang puso niya. Pero muli lang nagpaalala sa kanya ang dahilan ng una niyang pagkabigo sa pag-ibig.

They were both alumni of the *Ateneo de Manila University*. Three years ahead si Jansen kay Gabrielle. She was in her fourth year high school and he was at that time a sophomore in college. Maalingawngaw sa buong universidad ang pangalan nito dahil hindi lang ito heartthrob ng naturang paaralan. He was also an athlete. Na kay Jansen na ang lahat ng katangian ng lalaki na hinahanap ng isang babae—guwapo, matangkad, matalino at may sinasabi sa buhay. Apo ito ng dating senador at anak ng isang dating beauty queen.

Siya, si Gabrielle Elize Romero, ay unti-unti naman gumagawa ng pangalan ng mga panahong iyon sa paaralan. She was the president of the Student Council at hindi lang basta talino ang panlaban niya kundi pati na ganda. She was the daughter of the country's known business tycoon, Elizalde Romero.

Naalala pa niyang isa siya sa mga kinikilig at may crush kay Jansen Benedict. "The Captain" Lagdameo. First year college pa lang siya, kilala na niya ang binata at hangang-hanga na siya rito. Isa siya sa mga high school students na sumusubaybay sa bawat laban ng binata sa soccer. Wala siya ni isa mang masamang narinig na komento rito. He was every woman's Prince Charming. Nang mga panahong iyon, hindi niya inaasahang mapapansin siya nito dahil alam niyang mas magaganda ang babaeng nagiging girlfriend nito.

But a school event brought them together.

"Gabrielle, makakasama mo sa van sina Gary, Kyle, Anna, Jansen and Natalie. Seven o'clock ang call time natin. Alam mo na ang gagawin, right? Pagdating natin sa Barangay Masinghay ay kayo ang magsisimula ng programa, okay?"

Kunot-noong nilapitan niya si Fannie, ang presidente ng organisasyong kinabibilangan niya, ang

Reach-Out Movement. Isa iyong non-profit organization sa school nila na tumutulong sa mga kapus-palad.

“Yes, may problema ba?” takang tanong nito.

“Jansen and Gary? Bagong members natin?” taka niyang tanong.

Isang makahulugang ngiti ang itinugon nito sa kanya. “Yes, they are new members of this organization. And I’m sure you know them. Jansen Lagdameo and Gary Estacio.”

Gayun na lamang ang kabang naramdaman niya nang marinig ang pangalang binanggit nito. Napatalon tuloy siya sa excitement. “You can’t be serious! Paano sila sasali sa ganitong organization gayung...”

Hindi na natapos ni Gabrielle ang ibang sasabihin nang umiling ang kaharap. “Dear, they were already part of this organization even before you joined in. Yun nga lang, ngayon lang sila nagkaroon ng time para sumama sa activity natin.”

“Oh my, God!” di-makapaniwalang sabi niya na kinakabahan pa rin.

Hindi rin maialis ni Fannie ang ngiti sa mga labi nang makita ang kanyang reaksyon sa balitang iyon. Alam nitong isa siya sa mga humahanga sa binata.

“Alam mo bang kabe-break lang nila ng girlfriend niya?”

Mabilis niyang nilingon ang kausap. Ngunit papasok na ito sa kuwarto nito. Naiwan naman siyang nakangiti sa kinatatayuan.

Naging simula ang activity na iyon para magkakilala sila ni Jansen. Katulad ng naririnig niya sa mga kaibigan at ilang kamag-aral, mabait nga talaga ang binata. Very protective ito nang nandoon na sila sa Barangay Masinghay. And she saw his other personality dahil sa kababaang-loob na ipinakita nito. Somehow, that little activity gave way para maging magkaibigan sila.

And even inside the school, hindi puwedeng hindi siya nito batiin kapag nagkakasalubong sila o di kaya ay mapapadaan siya sa hang-out ng mga kabarkada nito.

And the least thing she expected ay ang ligawan siya nito! Kalagitnaan ng school year na siya nang simulan siya nitong padalhan ng bulaklak at ayaing kumain sa labas. Of course, she was so proud and flattered by the attention he was giving her. Kinainggitan siya ng kababaihan sa campus dahil sa atensyong natatanggap niya mula sa star soccer player. And she was already into him. After three

Don't Play With My Heart - Dorothy Kim

months of courtship, she finally said 'yes' to him. And that was the sweetest moment of her life. Dahil si Jansen ang una niyang boyfriend!

"Gabie?" ani Jansen nang ihatid siya nito pauwi sa kanila mula sa school. Maiksi pero puno ng kahulugan ang tanong na iyon.

"Yes." It was not question but a confirmation and more of a resolution.

"Yes? You said yes! So, tayo na? Yes!" Sa katuwaan ay mahigpit siyang niyakap nito. Hindi nito namalayang napalakas ang tinig nito. "I'm so happy, Gabie!" anito, walang pagsidlan ang katuwaan.

And she was so in love!

She was the happiest woman ever in their school. But their relationship didn't last long. Two months lang! But that was the most painful part for her young heart.

She wanted to surprise him for their second month anniversary. Isang maliit na regalo ang bitbit niya at balak niyang iwan sa locker ng binata. Isa iyong lucky charm bracelet. She successfully left the gift in his locker. Pero palabas na siya ng locker room nang maulinigan

ang tila nagtatalong tinig ng dalawang lalaki at isang babae.

Hindi naman niya gawaing makinig sa usapan ng ibang tao. Pero nang mga oras na iyon, tila may humihila sa mga paa niya para sinuhin ang mga nag-uusap. Si Hillary, ang ex-girlfriend ni Jansen at ang dalawang lalaki ay teammates ng nobyo sa soccer.

“Nasaan si Jansen? Kailangan ko siyang makausap ngayon din. Hindi kayo tumupad sa usapan. Hindi ko papayagang mahumaling si Jansen sa babaeng iyon. Akala ko ba ay tutulungan ninyo ako, ha?” walang gatol na sabi nito.

“Wala ngayon dito si Jansen. Kinakausap siya ngayon ng coach namin...” paliwanag ng isang lalaki. “Kung gusto mo, hintayin mo siya.”

“Tumutupad kami sa usapan, Hillary. At huwag kang mag-alala dahil hindi naman magtatagal ang relasyon ni Jansen sa Gabie na iyon.”

“Paano kung tuluyang ma-in love si Jansen sa babaeng ’yon, ha?” inis nitong sabi na padabog na napaupo sa isang silya.

“No, hindi ba sinabi na namin sa ’yo na isang bet lang ang panliligaw ni Jansen kay Gabie? Bet, Hillary. We won nang sagutin ni Gabie si Jansen in span of three

months. And I'm telling you, they wouldn't last three months. Sandaling panahon na lang ang hihintayin mo at p'wede na uli kayong magkabalikan ni Jansen," anang isang lalaki na katabi ni Hillary.

Parang binuhusan ng malamig na tubig si Gabrielle matapos marinig ang salitang 'bet' na sinabi ng isang teammate ng boyfriend niya.

"So, everything is a bet," anas niya.

Kung bakit siya niligawan ng binata, kung hanggang kailan niya sasagutin ito at kung hanggang kailan magtatagal ang relasyon nila. Everything was a bet. Kusa nang tumulo ang luha sa kanyang pisngi. Halos hindi niya alam ang gagawin habang nakakubli sa isang sulok.

"And what is the prize?" nadinig pa niyang usisa ni Hillary.

"Lalaking usapan na 'yan," sagot ng isa na ngumiti nang makahulugan.

Hindi na tinapos ni Gabrielle ang pakikinig sa usapan ng tatlo. Mabilis niyang tinalikuran ang mga ito. Pero natigilan siya nang bumangga sa lalaking nasa likuran niya na marahil kanina pa nakatayo roon. Si Jansen! Matiim itong nakatingin sa kanya. Tila hinihintay ang magiging reaksyon niya buhat sa

narinig.

Sa halip na harapin ang lalaki, mabilis siyang tumakbo palayo rito. Sumunod ito sa kanya. Mabilis niyang ipiniksi ang kamay nitong pumigil sa braso niya nang maabutan siya sa pasilyo ng library.

“Masaya ka na, ha? Maybe you’re still not happy. Dahil once again, you lost the bet. Nagkamali ako ng pagkakakilala sa ’yo. Hindi ikaw ang nakilala kong Jansen. I hate you so much! Manloloko ka!” aniya sa pagitan ng mga hikbi.

“Kailangan mo munang makinig sa akin...” mahinahong sabi nito sa kabila ng paghihisterya niya. *“We need to talk.”*

Mariing umiling si Gabrielle. That time, marami na ang nanonood sa kanila. “This is the end, Jansen. You win. Hindi natin kailangang mag-usap. Sapat na ang narinig ko. Hillary is waiting for you.” Mabilis niyang tinalikuran ang kausap.

Naiwan si Jansen sa kinatatayuan nito. And Gabrielle was not aware how tears suddenly filled his eyes while he watched her walk away from him.